**Mga umiiral at binabalak na mga hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi**

**Magkasanib na Kalihiman para sa mga Lupon ng Tagapagpayo sa Serbisyo Sibil at Pasuweldo sa Hudikatura at mga Kundisyon ng Paglilingkod**

Ang Magkasanib na Kalihiman para sa mga Lupon ng Tagapagpayo sa Serbisyo Sibil at Pasuweldo sa Hudikatura at mga Kundisyon ng Paglilingkod (Joint Secretariat for the Advisory Bodies on Civil Service and Judicial Salaries and Conditions of Service o JSSCS) ay nagbibigay ng nakatuon na serbisyo sa sumusunod na limang lupon ng tapagapagpayo na itinatag ng Pamahalaan ng Espesyal na Rehiyong Administratibo ng Hong Kong -

- Komisyon sa Pasuweldo sa Serbisyo Sibil at Kundisyon ng Paglilingkod;
- Komisyon sa Pasuweldo sa Disciplined Services at Kundisyon ng Paglilingkod;
- Komisyon sa Pasuweldo sa Directorate at Kundisyon ng Paglilingkod;
- Komisyon sa Pasuweldo sa Hudikatura at Kundisyon ng Paglilingkod; at
- Komiteng Tagapagpayo sa Empleyo ng mga Kawani ng Pamahalaan (Advisory Committee on Post-service Employment of Civil Servants o ACPE).

Ang apat na lupon ng tagapagpayo sa serbisyo sibil at pasuweldo sa hudikatura at mga kundisyon ng paglilingkod ay nagbibigay ng sariling payo sa Punong Ehekutibo tungkol sa mga alituntunin at kasanayan sa pamamahala sa suweldo, mga kundisyon ng paglilingkod at istraktura ng pagpapasuweldo ng mga kawani ng pamahalaan na di kabilang sa directorate, ang disciplined services, ang directorate at mga opisyal ng hudikatura ng ayon sa pagkakabanggit.

Pinapayuhan ng ACPE ang Punong Ehekutibo at Kalihim ng Serbisyo Sibil sa mga aplikasyon para sa post-service work mula sa mga opisyal ng directorate.

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang publiko ay maaaring ma-access ang mga ulat sa gawain ng limang lupon ng tagapagpayo na inilathala sa website ng JSSCS. |
| Mga Umiiral na Hakbang | • Ang mga ulat ng limang lupon ng tagapagpayo ay makukuha sa website ng JSSCS sa dalawang opisyal na wika ng Hong Kong (ibig sabihin, Tsino at Ingles). |

| | |
|---|---|
| Pagsusuri ng Mga Gawain sa Hinaharap | ● Ang JSSCS ay maghahanda ng pagsasalin ng mga ulat sa iba pang mga wika kung kinakailangan at naaangkop.<br><br>● Rerepasuhin ng JSSCS paminsan-minsan ang mga serbisyo nito, na may layuning matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao ng iba't ibang etnisidad. Para sa patuloy na pagsusuri at pagpapabuti ng paghahatid ng serbisyo, kinokolekta ang data at impormasyon tungkol sa paggamit ng mga serbisyo ng mga taong iba't iba ang etnisidad. |
| Mga Karagdagang Mga Hakbang na Ipinatupad/Ipatutupad | ● Maghahanda ang JSSCS ng pagsasanay para sa mga tauhan nito upang mapahusay ang kanilang kamalayan ng, at pagiging sensitibo sa, pagkakapantay-pantay ng lahi. |

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahi, mangyaring makipag-ugnay kay Bb Katy IP, Senior Executive Officer (Administrasyon) sa pamamagitan ng sumusunod na mga tsanel -

| | | |
|---|---|---|
| Numero ng Telepono | : | 2912 8520 |
| Numero ng Fax | : | 2524 7896 |
| Email | : | enquiry@jsscs.gov.hk |
| Postal Address | : | Room 701, 7/F, Tower Two<br>Lippo Centre<br>89 Queensway<br>Hong Kong |

**JSSCS**
**Mayo 2024**